Minister for Education and Training

VICTORIAN CURRICULUM AND ASSESSMENT AUTHORITY

41 St Andrews Place
East Melbourne
Victoria 3002 Australia

Filipino

Minamahal na Magulang,/Tagapag-alaga

Nasisiyahan kaming sabihin sa inyo na ang Pamahalaaan ngVictoria ay nagbabalak na paunlarin ang pagkatuto ng mag-aaral sa pamamagitan ng paghahanda ng bagong mga pamantayan at pagpapabuti ng mga ulat ng mag-aaral sa mga magulang.

Prep hanggang sa Year 10 na mga Pamantayan

Sa Marso 2005 inilabas na ang Mga Pamantayan ng Pangangailangan ng Pagkatuto sa Victoria (Victorian Essential Learning Standards). Inilalarawan ng Mga Pamantayan ang mga kinakailangang bahagi ng Prep hanggang Year 10 edukasyon. Inilalarawan ang pagkatuto na siyang mahalaga para sa mga mag-aaral upang maging matagumpay sa paaralan, sa trabaho, sa kanilang mga personal na buhay at sa komunidad. Ang Mga Pamantayan ay binuo ng Victorian Curriculum and Assessment Authority bilang tugon sa isang hiling ng Pamahalaang Victoria ng Balangkas (Blueprint) para sa mga Pampamahalaang Paaralan.

Ang Mga Pamantayang ito ay may pagtangkilik ng lahat ng pang-edukasyong mga sektor at gagamitin sa lahat ng mga paaralan sa Victoria, pampamahalaan man o hindi-pampamahalaan, mula sa 2006. Mangyaring hanapin ang kalakip na brosyur na magbibigay sa inyo ng pagpapakilala sa Mga Pamantayang Pangangailangang Pagkatuto sa Victoria.

Pagtatasa sa Year 9

Kamakailan, ang Pamahalaan ng Victoria ay nagpahayag na ang Achievement Improvement Monitor (AIM) na pagtatasang programa ay palalawigin hanggang sa 2006 sa Year 9. Lahat ng mga paaralan ay inaanyayahang lumahok. Ang Year 9 AIM na mga pagsusulit sa Matematika at Ingles ay gaganapin sa Abril kaya inyong matatanggap ang mga resulta sa katapusan ng Term 2.

Ang mga pagsusulit ay ibabatay sa bagong Mga Pamantayan ng Pangangailangan ng Pagkatuto at sasakupin nito ang isang malawak na hanay ng mga antas ng kahanga-hangang nagawa (achievement levels) ayon sa mga mag-aaral ng Year 9. Ang mga pagsusulit ay magdaragdag sa impormasyon mula sa Taon 3, 5 at 7 AIM na mga pagsusulit at tutulong sa mga magulang at mga paaralan upang pagpasiyahan ang progreso ng mag-aaral sa mga lawak (areas) na ito.

Mg ulat para sa mga magulang

Sa maikling panahon tatanggap din kayo ng payo sa panukalang mga pagbabago sa pag-uulat sa mga pampamahalaang paaralan. Sa mga pampamahalaang paaralan isang bagong kard na pag-uulat ang siya mismong magpapa-alam kung ano na ang katayuan ng inyong anak sa paaralan at babalangkasin rin kung ano na ang gagawin ng paaralan para tulungan sila sa kanilang pangkinabukasang progreso at kung papano ninyo sila matutulungan sa tahanan.

Mga impormasyon para sa mga magulang

Ang Victorian Curriculum and Assessment Authority ay kinikilala na mahalaga ang magdulot sa inyo ng maliwanag at makabuluhang impormasyong nauukol sa Mga Pamantayang Pangangailangang Pagkatuto. Dagdag sa kalakip na panimulang brosyur, isang libritong impormasyon ang gagawin para sa mga magulang at ipamumudmod sa simula ng 2006. Ipakikita ng lathalain ang ilang kagalak-galak na mga pamaraan sa kurikulum na posible sa ilalim ng Mga Pamantayang Pangangailangang Pagkatuto sa Victoria at gagamit ng mga pangkaranasang kaso ng mag-aaral sa isang malawak na hanay ng mga paaralan na siyang nagpapakita kung papaano natuto ang iba't ibang mag-aaral.

Nananalig kami na ang mga pangungunang gawaing ito ay makatutulong sa mga mag-aaral sa edukasyon ng Victoria upang paunlarin ang kaalaman, mga kasanayan at mga gawi na kinakailangan nila sa pagtatagumpay sa pangkaragdagang edukasyon, sa gawain at sa pamumuhay.

Lynne Kosky, MP
Ministro para sa Edukasyon at Pagsasanay



Stuart Hamilton
Tagapangulo
VCAA